

# Si Rita Engkata

Isinulat ni Zehd Baluyan
Iginuhit ni Niamh Pontanares




Sa isang malawak na bukirin nakatira ang masayang mag-asawa na sina Simon at Cara Roque. Sa kanilang bukirin, ay masaya silang nagtatanim ng mga bulaklak at ng mga gulay. Kasing-kulay ng mga bulaklak ang kanilang buhay.



At sa isang araw, nagbunga ang kanilang pag-ibig at sila'y biniyayaan ng isang anak.


“Isang babae! Babae po ang inyong anak!”, sigaw ng kumadrona.


“Napaka swerte talaga natin, Cara!”



“Nakakamangha! Ibang-iba ang inyong anak!”



Namangha ang lahat sa
pagkasilang ng sanggol.
Hinawakan siyang mabuti ng
kanyang ina habang ang sanggol
ay walang tigil na umiiyak.



"Rita... Rita ang ating
ipapangangalan sa kanya!"




Ibang-iba ang batang si Rita. Ang kanyang kutis ay sing-puti ng niyebe at ang kanyang mata ay isang malalim na asul na kasing-kulay ng dagat.




Ngunit ganunpaman, ay minahal siya ng kaniyang mga magulang ng walang kupas.



Makalipas ang dalawang taon ay lumaki nang kaunti si Rita. Nang humaba ang kanyang buhok, mapapagkamalan iyong buhok ng mais.
Sa pagdududa nina Simon at Cara ay dinala nila ang kanilang anak sa isang doktor.


"Ah- eh dok, ano po ba ang meron kay Rita?"


"Hm, May albinism po ang inyong anak."


“Ho? Albinism?”


“Papano po yun?”



“Nawalan lang po ang inyong anak ng nagbibigay ng kulay sa kanyang balat.”


“Paano po siya gagaling?”


“Ah- eh Mister at Misis, wala hong mali sa inyong anak. Siya’y natatangi lamang ngunit wala po kayong dapat ikatakot. At saka pala hindi siya pwedeng masiyadong mabilad sa araw.”



Nakalipas ulit ang ilang taon at minahal pa rin ng mag-asawa ang kanilang anak maliban sa kanyang kondisyon.

Lumaking mabuti at masiyahin si Rita na mahilig magtampisaw at maglaro sa hardin ng kanyang magulang.



Pagtirik ng araw ay lumalabas ang pamilya.
Ang paborito nilang laruin ang tagu-taguan.

Masayang tumatakbo si Rita sa bulaklakan
kung saan isang tipak ng lupa ay
napagtaniman ng kanyang magulang ng
mga bulaklak.


"Rita... Rita... asan ka na! Labas ka na baby ko!"


"Rita! Asan ka! Hinahanap ka ni papa!"



"Boo!"



Di kalaunan ay lumaki na si Rita. Nagsimula siya sa kanyang pag-aaral at dumating ang panahong kinatatakutan ng kanyang mga magulang.




“Oh, Andito na pala tayo sa eskuwelahan, ‘nak! Tandaan mo ha, laging magpapakabait.”


“Opo ‘nay!”



At habang nasa eskuwela si Rita ay walang tigil na sinundan siya ng mga mata kahit saan man siya pumunta at ang kanyang naririnig ay mga bulung-bulungan tungkol sa kanyang kutis.


“Narinig ko Pinaglihi daw si Rita sa araw kaya daw siya ganoon.”



“Ang sabi sa ‘kin ng mga kaklase ko, engkanto daw si Rita.”



“Siguro pabaya ang nanay ni Rita nung bata iyan kaya naging ganyan iyan.”


“Si Rita? Hindi ba parang fairy siya?”



“Dapat pala apelyido niya na lang Engkata, eh. Rita - Rita Engkanta!”


"Ang aking pagkakaalam eh, may nadaling nuno sa punso sina Cara at Simon. Kaya ayun sinumpa si Rita."



At habang tumagal ay nasanay si Rita sa mga insulto at mga sinasabi ukol sa kanya. Pero ganunpaman ay naging mabait at magalang na bata si Rita.


"Um.. Ako po ang Guro ni Rita. Bakit po siya madalas may suot na jacket? Hindi naman po malamig. Baka ma-distract lamang ang ibang mga bata."


“Ah, eh- Sorry po teach, pero kailangan ni Rita ng jacket dahil hindi po siya pwedeng maarawan.“



“Ay, ganon ho ba? Pasensiya na po!”




Kahit pa man hindi iniintindi ni Rita ang lahat ng nasabi tungkol sa kanya, ay nakakaapekto pa rin ito sa kanya. Kada pang-asar o pangungutya sa kanya ay kanyang nginitiian.




"Papa, bakit po hindi sa akin nakikipaglaro yung mga kaklase ko? May mali ho ba sa akin?"



“Huh? Anong mali? Anak, walang mali sa ‘yo ah, tandaan mo iyan!
Bakit, andito naman si Papa na kalaro mo ah?“



“Papa naman eh!“





Napaisip ang mag-asawa at napagpasiyahan ng mga Roque na dalhin si Cara sa isang lugar kung saan maraming katulad niya. Dinala nila si Cara sa isang ospital na nagkaroon ng Christmas party para sa mga batang may special needs.




"Merry Christmas, Rita! Eto ang regalo namin ng mama mo!"


“Pa, sino sila?”




“Nak, lahat sila ay may disability din, o di kakayahan.
Katulad mo, o, ayun o tignan mo siya, siya ay mayroon ding albinism!”



Nakihalubilo si Rita sa mga ibang bata. At nang ganoon lamang, ay naramdaman ni Rita ang pagiging normal at kanyang napagtanto na siya ay hindi naiiba. Bukod sa lahat nakilala niya si Angel, ang isa ring bata na mayroong Albinism tulad niya.



“Um, Angel, nilalayuan ka rin ba ng iyong mga kaklase?”


ANO ANG
ALBINISM?
“Nung una, oo, mailap sila sa akin, pero ayun, pinaintindi ko sa kanila ang aking kondisyon, at ayun, hindi na sila naging mapang-asar o ma-ilap."


“Di ko siguro kaya yun.”



"Alam mo Rita, hindi naman tayo nakakahon dahil sa ating kondisiyon o kulay. Basta magpakatotoo ka sa iyong sarili. Uy, magsisimula na yung Trip to Jerusalem!"


"Tara!"

At noong oras na iyon ay naramdaman ni Rita ang pakiramdam na maging tanggap ng kanyang nasa paligid anuman ang kondisyong mayroon sila.



**Wakas**

